

Acoustic Gunshot Location System


Seattle Police Department

Ano ang teknolohiyang ito?

Ipinapanukala ng Seattle Police Department (SPD), Kagawaran ng Pulisya ng Seattle) ang isang Acoustic Gunshot Location System (AGLS, Sistema ng Pagtunton sa Tunog ng Putok ng Baril) upang mapabilis ang kakayahan sa pagresponde ng pulisya at tauhan ng Mga Serbisyon Medikal na Pang-emergency para matulungan ang mga biktima, matunton at maipreserba ang ebidensiya, at mapanagot ang mga maysala sa pamamail. Gumagamit ang AGLS ng mga mikropono/sensor na nakalagay sa partikular na heyograpikong lugar na nakaprograma upang tukuyin ang tunog ng mga putok ng baril, tuntunin at alertuhan ang pulisya tungkol sa insidente.

Bakit natin gagamitin ang teknolohiyang ito?

Ang AGLS ay makatutulong sa mga tagapagsiyasat sa pagkolekta ng ebidensiyang may kinalaman sa mga insidente ng pagpapaputok ng baril at sa pagbibigay sa mga tagaresponde ng impormasyon tungkol sa tumpak na lokasyon. Sa tulong ng impormasyong ito, maididirekta ang mga opisyal at Emergency Medical Technician (EMT) sa mas tumpak na lokasyon, mapagtitibay ang ebidensiyang makatutulong upang makamit ang katarungan para sa mga biktima, at maiaalis ang mga ilegal na baril sa komunidad.



Kasalukuyang isinasagawa ang malayang pagkokomento para sa teknolohiyang ito. Puwede kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://seattle.gov/surveillance).

Ang lahat ng komento ay isasama sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag) tungkol sa teknolohiyang ito at isusumite sa Konseho ng Lungsod.

Kung gusto mong magbigay ng feedback sa ibang pagkakataon bukod sa panahon ng malayang pagkokomento, isumite ito nang direkta sa Konseho ng Lungsod gamit ang mga email sa <https://seattle.gov/council>.

Pagkolekta

Ang mga acoustic gunshot location system ay sumasagap ng audio na mas mataas sa 120 decibels – na mas malayo sa kayang abutin ng pag-uusap ng mga tao. Kinokolekta ang audio na ito sa loob ng maikling panahon bago at pagkatapos ng insidente, at habang nangyayari ang insidente. Kinakalkula ng system ang insidente, at habang nangyayari ang insidente. Kinakalkula ng system ang lokasyon kung saan naganap ang (mga) putukan. Saklaw ng [Policy 7.010 \(Patakaran 7.010\) ng SPD](#) ang pagsusumite ng ebidensiya, at iniaatas nito na idokumento ang lahat ng nakolektang ebidensiya sa isang General Offense Report (Ulat ng Pangkalahatang Pagkakasala).

Paggamit

Sa tulong ng mga acoustic gunshot location system, maaagapan ang kakulangan sa mga taong tagatanod at tagapagsiyasat na hindi pa nangyayari, gamit ang mga teknolohiyang batay sa ebidensiya at nakaayon sa pamantayan ng industriya upang mapigilan at matukoy ang paulit-ulit na pag-uugaling ipinagbabawal ng batas, pamamail, at human trafficking kung saan talamak ang krimen.

Isinasalang-alang bilang mga lugar na posibleng unahin ang Aurora Avenue North, Belltown, Chinatown-International District, at Downtown Commercial Core.

Mga Proteksiyon

Ang mga awtorisadong user lang ng SPD, Office of Inspector General (OIG, Tanggapan ng Punong Inspektor) at Office of Police Accountability (OPA, Tanggapan ng Pananagutan ng Pulisya) ang puwedeng mag-access sa data ng AGLS habang nakalagay ito sa mga device. Limitado ang access sa mga system/teknolohiya para sa mga awtorisadong tauhan, na gagamitan ng mga kredensiyal sa pag-login na protektado ng password.

Maaari lang tingnan o kunin ang data para sa mga lehitimong layunin ng pagpapatupad ng batas, ayon sa iniaatas sa Policy 12.050 (Patakaran 12.050) ng SPD, at secure itong itatabi sa isang cloud-based environment. Pagpapasyahan ang panahon ng pagpapanatili rito batay sa kung nagtataglay ang data ng mahalagang ebidensiya. Ang data na hindi nagtataglay ng mahalagang ebidensiya ay hahayaang mapatungan pagkaraan ng tinatayang 30 araw.